

Baboy-ramo in my Mind: Isang Panimulang Pagsulyap sa Mythemes ng Alamat ng Pangalan ng Ilang Bayan sa Laguna

Danilo Ellamil Jr.

Abstrak

Layunin ng papel na ito na suriin ang alamat ng baboy-ramo na pinagmulan ng pangalan ng iba't ibang bayan sa silangang bahagi ng Laguna de Bay. Sa pamamagitan ng konseptong "mythemes" ni Lévi-Strauss, sinuri ang alamat bilang *cultural sign* na binigyan ng interpretasyon gamit ang lente ng antropolohiya at lokal na kasaysayan. Sinusugan nito ang iba't ibang bersiyon ng alamat mula sa pakikipagkuwentuhan, nakasulat na bersiyon, at *social media* at tiningnan ang halaga nito sa pagbuo ng identidad at ugnayan ng mga taga-Laguna. Mula rito, lumitaw ang mga kahulugang may kinalaman sa pagkakaroon ng malalim na ugnayan ng magkakalapit na lugar, kalagayang pangkapaligiran, at diskurso ng pinagmulan ng mga bayan.

Susing-salita: alamat, mythemes, Laguna, folklore, lokal na kasaysayan

Abstract

The aim of this paper is to examine the legend of the wild boar, which is the origin of the names of several towns in the eastern part of Laguna de Bay. Using Lévi-Strauss' concept of "mythemes," the legend is analyzed as a cultural sign, interpreted through the perspectives of anthropology and local history. This study explores different versions of the legend from oral narratives, written accounts, and social media, and examines its role in the formation of identity and social connections among the people of Laguna. From this, meanings emerge that highlight the deep relationships between neighboring areas, environmental conditions, and the discourse surrounding the origins of these towns.

Keywords: legend, mythemes, Laguna, folklore, local history

Introduksiyon

Matagal nang nakaimbak sa isip ko ang alamat ng baboy-ramo. Marahil dahil naiiba ito a mga kuwentong-bayan na noon ko pa napakikinggan. Ang totoo, mas tungkol ito sa mga bayan sa Laguna na aking pinagmulan at kinalakhan kaysa baboy-ramo mismo, kaya ito rin siguro ang isa pang dahilan kung bakit hindi ko ito makalimutan. Ngunit alam ko noon pa man na mahalaga ang papel ng baboy-ramo sa alamat. At ngayon, susubukan kong sagutin ang misteryo nito at bigyang-linaw ang mga bagay hinggil sa alamat na hindi nawawala sa aking isip.

Ang alamat ay bahagi ng malawak na konsepto ng *folklore*—mga kuwento, paniniwala, ritwal, at tradisyon na ipinapasa mula sa isang henerasyon patungo sa isa pa. Noon pa man ay inilahad na ni Isabelo de los Reyes ang kahalagahan ng *folklore* sa akda niyang *El Folk-lore Filipino* (1889). Binigyang-kuhulugan niya ito bilang larangan ng pag-aaral sa kaalaman at tradisyon ng mga *karaniwang* tao. May papel ang *folklore* hinggil sa pagpreserba ng mga kaalamang may malaking halaga sa kasaysayan at kultura na nanganganib nang mawala. Ngunit para kay de los Reyes, hindi lamang ito tungkol sa pangangalap ng mga impormasyon sapagkat nakatutulong din ang mga kahulugang mula sa *folklore* sa pag-unawa ng lipunan.

Gayumpaman, ang mga naratibo mula sa mga karaniwang tao, tulad ng mga alamat na naglalahad ng pinagmulan ng mga lugar at iba pang bagay, ay kadalasang itinuturing na hindi kasing-halaga ng mga opisyal na tala na itinuturing na "intelektuwal." Sa kabila ng pagkakaroon ng kahulugan at ugnayan sa komunidad na pinanggalingan, madalas ay naisasantabi ang mga naratibong-bayan. Ito ang dahilan kung bakit nagiging mahalaga ang pagsusuri sa *folklore* bilang isang hakbang tungo sa pagpapalawak ng pag-unawa sa lipunan, at bilang alternatibong pamamaraan upang mabigyang-pansin ang mga kaalamang likha ng mga ordinaryong mamamayan at hindi lamang ng mga institusyong intelektuwal.

Ang pag-unawa sa ganitong mga naratibo ay nagbibigay rin ng pansin sa ugnayan ng mga tao sa espasyo, at sa konteksto kung saan ito nagmumula. Sa ganitong paraan, lumalampas ang pag-aaral sa mga simpleng pagsasalaysay ng *folklore* at napapaloob sa mas malalim na pag-unawa kung paano binubuo ng mga tao ang kanilang koneksiyon sa lugar, o ang konsepto ng *place-making*:

This idea emphasizes the fluidity of locale: a place is being made in terms of formulation of sociocultural meaning and negotiation of identities. The spatial realm is recognized as a socially constructed process and not a setting which confines, controls, or imprisons people's activities. This perspective appreciates an active practice of negotiating meanings and attachments to a territory, rather than "encountering" a fixed and pre-determined place. (Wieczorek, 2019, p. 4).

Mula rito, layunin ng papel na ito na pag-aralan ang isang alamat hinggil sa baboy-ramo na nanggaling sa bayan na aking pinagmulan. Una kong ipaliliwanag ang konsepto ng *mythemes* ni Lévi-Strauss at metodo na ginamit sa pangangalap ng datos. Pangalawa, ilalahad ko ang representasyon at imahen ng baboy-ramo sa kalikasan at kulturang Pilipino upang maging malinaw kung paano hinuhubog ng mga ito ang mga tao sa paglikha ng naratibo. Upang mas maipakita ang lawak ng paggamit sa baboy-ramo sa mga alamat, ilalarawan ko rin ang naging paunang *survey* ko sa mga nakasulat at natipong mga alamat mula sa Laguna. Sunod ay iisa-isahin ko ang mga bersiyon ng alamat ng baboy-ramo na aking nakalap bago suriin ang *mythemes* na nakapaloob sa mga ito. Sa huli ay ilalarawan ko ang nilikhang kahulugan mula sa *mythemes* hinggil sa pagkakaroon ng malalim na ugnayan ng magkakalapit lugar, kalagayang pangkapaligiran, at diskurso ng pinagmulan ng mga bayan sa Laguna. Sa pamamagitan nito, magagamit ang *folklore* bilang hakbang tungo sa pag-unawa ng kultura, kasaysayan, at kolektibong alaala ng mga komunidad.

Ang Mythemes ni Lévi-Strauss

Sa pag-aaral ng *folklore*, mahalagang gamitin ang mga iba't ibang lente at teorya upang higit na maunawaan ang estruktura at kahulugan ng mga naratibo. Isa sa mga konsepto na makapagbibigay-linaw sa pagsusuri ng alamat sa papel na ito ay ang *mythemes* ni Claude Lévi-Strauss (1978), kung saan ipinakikita kung paano inilalarawan ng mitolohiya ang lipunan na pinanggalingan nito. Inilapat niya sa pagsusuri ng mga mito ang pag-aaral ni Ferdinand de Saussure hinggil sa wika bilang balangkas o *langue* na magagamit sa sistema ng paglikha ng kahulugan. Ang sistemang ito ay tinatawag na *signifying system* na lumilikha ng kahulugan sa pamamagitan ng *cultural signs* na binabasa o binibigyan ng interpretasyon.

Mula sa pagsusuri hinggil sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga yunit o elemento ng mito, inilapat din ni Lévi-Strauss sa kaniyang pag-aaral ang sistemang pangkultura na pinanggalingan ng mga ito. Bilang isang antropologo, inilahad niya ito gamit ang estruktural na pagsusuri sa mga relasyon at koneksiyon ng mga bagay, katulad ng sistema ng relasyon sa pamilya (*kinship*) at mga ritwal. Ang mga elementong ito ay may mga estruktura at *binary pairs* na magkapareho at/o magkaiba na bahagi ng lahat ng kultura.

Partikular sa pag-aaral ng mga mito, tinanong ni Lévi-Strauss kung bakit tila pare-pareho ang mga ito sa iba't ibang kultura, kahit na iba-iba ang mga detalye. Ayon sa kaniya, ang mga mito ay may pare-parehong estruktura na bumubuo sa kanilang kaanyuan. Dagdag pa niya, ang mito ay may natatanging katangian na matatawag na “malleability,” o kakayahang magbago ng mga detalye ngunit nananatili ang estruktura.

Ang *mythemes* ang pinakamaliit na bahagi ng isang mito. Katulad ng isang *musical score*, ang *mythemes* ay maaaring basahin sa dalawang paraan: *diachronically* (sunod-sunod na paraan) at *synchronically* (sabay-sabay na paraan) (Klages, 2013). Ipinakikita ng pagsusuri ni Lévi-Strauss na ang tunay na kabuluhan ng mito ay hindi matatagpuan sa bawat partikular na yunit, kung hindi sa paraan ng pagkakaayos ng mga ito sa isang estruktura o sistema ng mga relasyon.

Sa huli, binibigyang-diin ni Lévi-Strauss na ang pag-aaral ng mga estruktura ng mito ay naglalayong maunawaan ang unibersal na kondisyon ng tao, o kung ano ang nag-uugnay sa lahat ng kultura.

Hinggil sa paggamit ng termino, mapapansing ang papel na ito ay hinggil sa alamat at hindi sa mito. Bagaman tila magkapareho ang dalawa at madalas nagiging palitan ang paggamit, may ilang elemento pa ring magkaiba na mahalagang ipaliwanag. Ayon kay William Bascom (nasa Eugenio, 1985), tumutukoy ang mito sa mga naratibong itinuturing na tunay na nangyari sa nakaraan at madalas nakaugnay sa teolohiya at ritwal, kaya ito ay sagrado. Hindi mga tao ang pangunahing tauhan dito, subalit may mga katangiang kagaya sa tao, katulad ng mga diwata; diyos at diyosa; at mga sagradong hayop at bagay. Mababasa rin sa mga ito ang tagpuang malayo sa kasalukuyang kalagayan ng daigdig o talagang nasa ibang mundo. Ang alamat, sa kabilang banda, ay itinuturing ding tunay na nangyari sa nakaraan, subalit mas sekular at ang pangunahing tauhan ay mga tao. Ito ang oral na katumbas ng nakasulat na kasaysayan, ipinaliliwanag ang pinagmulan ng mga bagay, lugar, at mga pangyayari. Batay sa kahulugang ito, mas tumutugma ang kuwento ng baboy-ramo sa alamat kaysa mito dahil nagbibigay ito ng paglalarawan sa pinagmulan ng pangalan ng mga bayan sa Laguna. Ngunit kahit magkaiba ang dalawa, maaari pa ring gamitin ang teorya ni Lévi-Strauss hinggil sa mito sa pananaliksik tungkol sa alamat dahil pareho itong nasa ilalim ng tradisyon ng *folklore*; isinasalaysay ng mga taong kabilang sa isang kultural na grupo, ipinapasa-pasa sa iba't ibang henerasyon gamit ang salimbibig.

Metodolohiya

Sinuri sa pag-aaral na ito ang kahulugan ng alamat ng baboy-ramo sa konteksto ng mga bayan sa silangang bahagi ng Laguna. Gumamit ako ng iba't ibang pamamaraan upang makuha ang iba't ibang bersiyon ng alamat na nagtatampok sa higit sa isang bayan mula sa lokal na komunidad at *online* na

espasyo. Dahil nasa katangian ng panitikang oral at tradisyong pasalita ang pagkukuwento, naging pangunahing metodo sa pangangalap ng datos ang pakikipagkuwentuhan na ayon kay Rodriguez-Tatel (2020) ay integral sa kalinangan at kamalayan ng mga Pilipino kaya ito ay “makatuturan at makahulugan” (p. 166). Sa mga isinasagawang pananaliksik sa antropolohiya na may kinalaman sa *intangible cultural heritage*, malaki ang nagiging gampanin ng mga *elder* o nakatatanda sa pagsasalin ng mga kaalamang pasalita sa susunod na henerasyon (Haines et al., 2017). Ito ang dahilan kung bakit napili kong makipagkuwentuhan sa edad 60 pataas mula sa bayan ng Mabitac at Pangil na pinili batay sa kanilang kaalaman sa mga kuwentong-bayan. Upang masusugan ang mga tala mula rito, nakipagkuwentuhan din ako sa tatlong *tourism officer* mula sa magkakaibang bayan, partikular sa Mabitac, Siniloan, at Pangil batay sa mga dokumentong kanilang hawak hinggil sa pinagmulan ng pangalan ng kanilang bayan at sa kanilang kaalaman bilang mga tubong mamamayan sa lugar. Bukod dito, tiningnan ko rin ang mga detalyadong bersiyon ng alamat mula sa *online* na espasyo, partikular sa Facebook *comments* mula sa *video* ng Tourism Officer ng Siniloan.

Upang maunawaan ang kahulugan ng alamat ay inilapat ko ito sa konsepto ng *mythemes* ni Lévi-Strauss, partikular ang pagtingin sa mga *pattern*. Mula rito ay sinuri ko ang kultural at ekonomikal na interaksyon o relasyon ng tatlong bayan sa alamat mula sa sariling obserbasyon bilang mamamayan sa lugar, pakikipagkuwentuhan, at mga nakasulat na tala. Ang lahat ng nakalap na datos mula sa mga panayam, obserbasyon, at *online* na pagsusuri ay isinailalim sa *thematic analysis* upang maipakita ang mga ugnayan sa mga bersiyon ng alamat na nakatutulong sa pag-unawa sa kolektibong identidad at relasyon ng mga bayan sa Laguna. Ginawa ito batay sa mga hakbang nina Braun at Clarke (2006): una, kinilala ang mga datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa at paggawa ng mga paunang tala para sa pangkalahatang ideya. Ikalawa, bumuo ng mga paunang code sa pamamagitan ng pagbabahagi ng datos sa mas maliliit na bahagi ng kahulugan na nauugnay sa mga tanong sa pananaliksik. Halimbawa nito ang pagtukoy sa mga salitang paulit-ulit na nababanggit sa iba’t ibang

bersiyon ng alamat kagaya ng “silo,” “bitak,” at “pangil” na kaugnay ng pangalan ng mga bayang itinampok sa pananaliksik. Ikatlo, hinanap ang mga tema sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng magkakaugnay na mga code upang bumuo ng mas malawak na *pattern* o kahulugan, na konektado rin sa paghahanap ng *mythemes*, katulad ng pagtukoy sa mga magkasalungat na tema o *binary opposites* (tagumpay v.s pakabigo, lakas vs. kahinaan, at kaayusan vs. kaguluhan). Ikaapat, sinuri ang mga tema sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga ito ay lohikal, natatangi, at suportado ng datos. Panlima, tinukoy ang mga tema sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa kahulugan ng bawat tema at pag-uugnay nito sa iba pang tema upang makabuo ng kabuoang paliwanag sa datos.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay may pahintulot na ilathala ang kanilang tunay na pangalan at impormasyon kaugnay ng kanilang mga bahagi sa papel na ito. Ipinaalam sa lahat ng kalahok ang layunin ng pananaliksik at binigyan sila ng pagkakataon upang magbigay ng pahintulot bago ang bawat pakikipagkuwentuhan. Pinangalagaan din ang mga pribadong detalye ng bawat kalahok, at ang kanilang mga sagot ay ginamit lamang para sa layunin ng akademikong pananaliksik.

Ang Baboy-ramo sa Kalikasan at Kulturang Pilipino

Noong 2017, nadiskubre ng mga arkeologo (Brumm et al., 2021) ang sinasabing pinakamatandang *cave art* sa buong mundo. Natagpuan ito sa kuweba ng Leang Tedongnge sa Indonesia na iginuhit 45,000 taon o higit pa ang nakararaan. Mga imahen ito ng baboy-ramo, partikular ang *Sulawesi warty pig* (*Sus celebensis*) na tila nakikipag-away o nakikipag-ugnayan sa isa’t isa. Normal na interaksyon ito sa mga hayop sa kalikasan. Subalit sa mga dibuhong ito, hindi pa rin nawawala ang bakas ng panganib sa kanilang buhay. Sa ibabaw ng isang baboy-ramo ay makikita ang marka ng dalawang kamay ng tao, ang nilalang na libo-libong taon nang nangangaso ng mga kagaya nilang hayop. Ito ang dahilan kung bakit maraming likhang-sining noong

panahong prehistoriko ang kakikitaan ng imahen ng mga baboy-ramo.

Ang mga hayop ay bahagi ng biopisikal na kapaligiran at may malalim na ugnayan sa kultura ng tao. Pinagkukunan ang mga ito ng pagkain, kasuotan, at iba pang gamit (Nelson, 1998). Patunay nito ang malaking papel ng baboy sa ekonomiya at kabuhayan ng mga maraming etnolingguwistikong pangkat sa Timog-Silangang Asya. Isa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamaraming espesye ng baboy-ramo sa buong mundo. Tahanan ito ng apat na endemikong uri: ang *Philippine warty pig* (*Sus philippensis*), *Visayan warty pig* (*Sus cebifrons*), *Palawan bearded pig* (*Sus ahoenobarbus*), *Mindoro warty pig* (*Sus oliveri*), at ang nanggaling pa sa ibang rehiyon na *Bornean bearded pig* (*Sus barbatus*) (Cabanas et al., 2022.)

Ang mga baboy-ramo sa Pilipinas ay may makapal at magaspang na balahibo (Almario, 2013). May mahahabang pangil kadalasan ang mga lalaki na ginagamit sa pakikipaglaban o sa pagdepensa.

Kumakain ang mga baboy-ramo ng iba't ibang uri ng pagkain mula sa mga ugat at mga halaman na matatagpuan sa kagubatan, hanggang sa mga insekto, uod, at maliliit na hayop bilang karagdagang protina. Kilala rin silang kumakain ng prutas mula sa mga puno tulad ng saging, bayabas, at iba pang mga puno. Sa ilang pagkakataon, kumakain din sila ng mga dahon at buto, pati na rin ang mga ani mula sa mga taniman (Avenido, 2024). May mahusay din silang pandinig at pang-amoy na ginagamit sa paghahanap ng pagkain at pagtakas mula sa mga panganib.

Para sa marami, ang baboy-ramo ang pinakamahalagang mahuli sa kagubatan dahil ito ang kanilang pangunahing pinagkukunan ng protina at taba. Ito ang dahilan kung bakit paunti nang paunti ang bilang ng mga ito. Noong 1996 pa lamang ay inilarawan na ang unti-unting pagkawala ng ilan sa mga endemikong espesye ng baboy-ramo (Groves, 1997). Sa kasalukuyan, nakatala na sa International Union for Conservation Nature (IUCN) Red List ang *Philippine warty pig*

bilang *vulnerable*, Palawan bearded pig bilang *near threatened*, at Visayan warty pig bilang *critically endangered*.

Mahalagang bahagi ng kinagisnang kultura ang pangangaso sa baboy-ramo sa mga katutubong tulad ng Agta, Ilongot, at Ifugao na nagdadala ng aso tuwing mangangaso sa tag-init dahil mas naamoy nito ang mga baboy-ramo sa masukal na kagubatan (Griffin, 1998).

Bukod sa pangangaso upang kainin ang baboy-ramo, ginagamit pa ito sa ibang paraan kagaya ng ritwal.

Itinala nina Laugrand et al. (2020) ang ritwal na *késheng ja waray batbat* ng mga Ibaloy sa Loacan, Benguet kung saan ginagamit ang baboy-ramo bilang tagapag-ugnay sa mga buhay at mga yumaong kamag-anak. Bahagi ito ng ng pag-exhume o muling paghuhukay sa labi ng namayapa na ginagawa kung may nararanasang problema ang pamilya, gaya ng patuloy na sakit o masamang panaginip tungkol sa yumao. Naniniwala ang mga Ibaloy na ang mga namatay ay maaaring maging sanhi ng mga problema kapag hindi nasusunod ang kanilang mga pangangailangan sa kabilang buhay. Sa ritwal na ito, inilalabas ang mga buto ng yumaong kamag-anak mula sa kanilang libingan, nililinis, at pinapalitan ng bagong sapin o tela. Ang prosesong ito ay nagsisimula sa pagkatay ng mga baboy na itinuturing na tagapag-ugnay o tagapaghatid ng mensahe mula sa mga buhay patungo sa mga yumao. Kinakailangang sumigaw nang malakas ang baboy kung kinakatay sapagkat pinaniniwalaan ng mga Ibaloy na ang ingay ng sigaw ng baboy ay naririnig ng mga yumaong kamag-anak, tanda na ginagawa ang ritwal para sa kanila. Matapos nito, ang atay ng baboy ay sinusuri upang mabatid kung nasiyahan ang mga namatay sa ginawang handog. Sa gitna ng ritwal, naghahanda ng pagkain ang mga kamag-anak, at ang karne ng baboy ay niluluto at pinagsasaluhan. Sinasabing ang mga yumao ay kumakain sa singaw ng nilutong karne, kaya hinihintay na mawala ang singaw bago magsimulang kumain ang mga buhay.

Ang pagsasagawa ng *késheng ja waray batbat* ay nakatuon sa pagbigay-biyaya at proteksiyon sa pamilya mula sa mga

yumao. Naniniwala ang mga Ibaloy na kung tama at kompleto ang pagsasagawa ng ritwal, matatamo ang *diteng* o kalusugan at kasaganahan para sa buong pamilya.

Samantala, ang mga Pala'wan naman sa Palawan ay naniniwalang ang magandang kondisyon ng kapaligiran at kasaganahan ay nakasalalay sa kanilang wastong pakikitungo sa kapwa tao at mga espiritu. Kaakibat din nito ang takot at pag-iwas sa banta ng karahasan mula sa mga nilalang sa kagubatan, gaya ng mga *seytan* o *lenggam* (mga mapaminsalang espiritu). May kuwentong-bayan ang mga Pala'wan tungkol sa Ampu't Biek o "Panginoon ng mga Baboy" na nagpapakita ng panganib ng paglabag sa tamang pakikitungo sa mga nilalang sa kagubatan. Ang kuwentong ito ay nagbibigay-babala tungkol sa kapahamakan ng pagiging mapagmataas sa pakikisalamuha sa mga nilalang sa kagubatan, na maaaring humantong sa karahasan at kamatayan. Ang mga baboy-ramo ay inilalarawan bilang mga espiritu at pinaniniwalaang may kakayahan ang mga ito na magpalit ng anyo mula sa hayop patungo sa tao, na nagiging dahilan sa pag-iingat ng mga mangangaso kapag sila ay humuhuli. Gayumpaman, sa kabila ng ganitong paniniwala ay hindi pa rin naiiwasan ang paghuli ng mga Pala'wan sa mga baboy-ramo sa pamamagitan ng mga bitag na gawa sa mga bomba upang maprotektahan ang kanilang mga taniman na kinakain ng mga ito. Nakatutulong din ang panghuhuling ito sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan (Smith, 2020).

Makikita rin ang ugnayan ng mga espiritu sa mga baboy-ramo sa iba pang pangkat kagaya ng Tau-Buhid (Rosales, 2021) at Ifugao (Remme, 2014), kung saan iniwasan at ipinagbabawal na hulihin at patayin ang mga baboy-ramo para gawing alay o maging bahagi ng ritwal dahil pinangangalagaan ang mga ito ng espiritu, o ang mga ito ang mismong mga espiritu na nag-anyong hayop lamang.

Samakatuwid, ang baboy-ramo, sa maraming katutubo sa Pilipinas at sa mas malawak na Timog Silangang Asya, ay isang mahalagang simbolo ng ugnayan ng tao sa kalikasan at sa mundong espiritwal. Sa mga kuwento, ritwal, at kagawian na may kinalaman sa baboy-ramo, nakikita ang kanilang papel

bilang pinagkukunan ng pagkain, tagapag-ugnay sa mga yumao, at tagapamagitan sa mga espiritu, maging ang mga banta ng pangangaso at pagkasira ng kanilang tirahan.

Ang Baboy-ramo sa mga Kuwentong-bayan sa Laguna

Ang Laguna ay isang probinsiya sa rehiyon ng CALABARZON na matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng Luzon. Pinaliligiran ito ng Lalawigang Rizal sa hilaga, Quezon sa silangan, Batangas sa timog, at Cavite sa kanluran. Isa sa pinakakilalang anyong-tubig dito ay ang Laguna de Bay, ang pinakamalaking lawa sa Pilipinas na nagbibigay ng pangunahing yamang-tubig at kabuhayan sa mga residente. Bukod dito, sagana rin ang Laguna sa kagubatan at kabundukan na nagsisilbing tahanan ng iba't ibang uri ng hayop. Matatagpuan ang Bulubundukin ng Sierra Madre at Bundok Makiling na nagiging kanlungan ng mga baboy-ramo at iba pang endemikong hayop sa rehiyon. Ito ang dahilan kung bakit hindi nawawala sa maraming kuwentong-bayan sa Laguna ang imahen ng baboy-ramo.

Sa bersiyon ni Jose Rizal na alamat ni Mariang Makiling na inilathala noong Nobyembre 23, 1890 sa pahayagang La Solidaridad at isinalin sa Ingles ni Arnold Warren, na nakolekta ng International Philippine Philatelic Society, inilarawan si Mariang Makiling bilang isang magandang dalaga na itinuturing na tagapangalaga ng kalikasan. Hindi ito nagkakaedad, payat, at mahinhin, na nagpapakita ng kabutihang-loob sa mga nangangailangan. Nagbibigay ito ng mga alahas at ginto sa mga taong nagigipit, at nagbabantay sa kagubatan mula sa mga nagtatangkang sirain ito.

Isang partikular na tagpo sa alamat ang tungkol sa isang mangangaso na hinahabol ang isang baboy-ramo. Natagpuan niya ang hayop sa isang kubo kung saan naroon si Maria. Sinabi ni Maria na pagmamay-ari nito ang baboy-ramo at hindi dapat iyon hinabol. Ngunit dahil nakita ng dalaga ang kaniyang paghihirap, inanyayahan siya nitong pumasok sa kubo upang pakainin. Nang papaalis na ang mangangaso, binigyan siya ni

Maria ng luya bilang pabaon, na kalauna'y natuklasang niyang mga piraso pala ng ginto.

May mga pagkakataon din na si Mariang Makiling ay naging mapaghiganti, kagaya ng pagpaparusa niya sa mga mangangaso na tumangging bigyan siya ng karne mula sa kanilang nahuli noong nag-anyo siya bilang isang matandang babae. Pinalitaw niya ang dambuhalang nilalang upang kainin ang mga nahuling baboy-ramo at usa ng mga mangangaso.

Bilang taga-Calamba, Laguna at malapit sa Bundok Makiling, maaaring naririnig ni Rizal ang mga kuwentong ito sa kaniyang mga kababayan. Marahil ito ang dahilan kung bakit hindi maihihiwalay sa kaniyang panulat ang mga likas na yaman sa Laguna, maging ang mga *folklore* sa loob nito.

Noong ika-19 siglo nagsimulang pahalagahan ng mga Pilipino ang kuwentong-bayan bilang bahagi ng pambansang kultura, kagaya ng ginawa nina Isabelo de los Reyes at Jose Rizal. May malapit na ugnayan ang umuusbong na nasyonalismo nang panahong iyon sa pagkakaroon ng interes sa kuwentong-bayan dahil dito umano matatagpuan ang tunay na pagpapahayag ng diwa ng isang bansa (Eugenio, 1987).

Noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano, mga guro mula sa Amerika ang nagpasimula sa pagtuon sa pag-aaral at pangongolekta ng mga kuwentong-bayan sa Pilipinas, kagaya ni Lucetta K. Ratcliff. Noong 1908, pinagsulat ni Ratcliff (1949) ang kaniyang mga sekundaryang mag-aaral sa Pagsanjan, Laguna ng mga kuwentong-bayan upang tipunin ang mga ito.

Sa koleksiyon, makikita ang imahen ng baboy-ramo sa kuwentong "Robbers and Animals" ni Leonor Cecilio; "Legend of Halimumog" ni Honorio Montecillo; "The Dog and the Pig" ni Higinio Amargo; at "The Celebration of the Dewata" ni Miguel Pato.

Kaugnay ng mga ito, noong Disyembre 7, 1951, pinirmahan naman ni Pangulong Elpidio Quirino ang

Kautusang Tagapagpaganap Blg. 486 na nag-aatas sa Division Superintendent ng mga paaralan na kolektahin ang mga datos at tala hinggil sa kasaysayan at kultura ng mga baryo, bayan, lungsod, at mga probinsiya sa Pilipinas. Ito ay ipinatupad matapos ang pagkasira ng mga manuskrito at aklat sa Pambansang Aklatan dulot ng labanan para sa pagpapalaya ng Maynila mula sa mga Hapones. Kasama sa mga nawasak na dokumento ang mga mahahalagang datos na naipon noong 1911 at 1938. Layunin ng kautusang ito na muling tipunin at isapanahon ang mga impormasyong ito upang magsilbing gabay sa mga susunod na henerasyon, pati na rin bilang materyal para sa mga historyador, mananaliksik, at mga estudyante.

Sa kasalukuyan, mababasa ang mga tala sa [website](#) ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas, ngunit mas nakatulong sa pagsasagawa ng papel na ito ang [website](#) na Philippine Historical Data na naglalaman ng transkripsiyon ng libo-libong pahina ng mga ito mula sa 49 probinsiya.

Mababasa sa tala ng mga bayan ang kasaysayan ng kanilang lugar, mga naging alkalde, mga tradisyon at paniniwala, maging mga kuwentong-bayan. Kasama sa dokumentong mula sa Bay, Laguna ang isang kuwentong nangyari sa Barangay Puypuy na may kinalaman sa baboy-ramo. Tungkol ito kay Tandang Evaristo na nagtatanim ng palay at mais sa kaniyang kaingin sa Puypuy, na nakapansin na may sira sa kaniyang mga pananim. Nang magbantay siya isang gabi, nakita niyang may mga bulaw o mga biik ng baboy-ramo na kumain ng kaniyang mga tanim at binantayan ang mga ito ng isang tikbalang. Ang nilalang din na iyon ang nagbubuhay sa mga bulaw upang makaalis sa taniman. Kinabukasan, bumalik si Evaristo at muling nagbantay. Nang dumating ang tikbalang ay kaagad niya itong sinibat. Sinundan niya ang mga biik at natagpuan ang tikbalang na nasugatan. Humingi ito ng patawad kay Evaristo at sinabing ang inahin ng mga biik ay nabaril ng mga mamamaril tatlong araw na ang nakalipas kaya niya tinutulungan ang mga ito. Bilang ganti, ipinangako ng tikbalang na tutulungan si Evaristo sa paghuhukay ng mga tuod sa kaniyang kaingin.

Sa mga alamat na ito, makikita ang presensiya at representasyon ng mga baboy-ramo sa kagubatan o kabundukan na nagiging biktima ng pangangaso. Ipinakita rin na pinangangalagaan ang mga ito ng mga nilalang na hindi-tao, at konektado sa mga ritwal at paniniwala hinggil sa pagkamit ng matiwasay na buhay. Itinatampok ang hayop bilang isang bahagi ng natural na balanse na dapat igalang at protektahan upang maiwasan ang masamang mga pangyayari.

Samantala, sa isang rehiyon sa Laguna na aking pinagmulan, naroon din ang isang alamat na nagpapakita ng imahen ng baboy-ramo. Dahil ipinapasa-pasa gamit ang pasalitang pamamaraan, nagkakaroon ng iba't ibang bersiyon ang alamat na ito na may bitbit na mahalagang impormasyon at pananaw hinggil sa pinagmulan ng mga bayan sa Laguna.

Iba't Ibang Bersiyon ng Alamat ng mga Bayan sa Laguna na Tampok ang Baboy-ramo

Sinabi ni Brunvand (1990) na ang alamat ay “apocryphal, anonymous, supposedly true, plotted stories, widely told in different variants over a considerable time period” (p. 111). Ganito ang kaso ng alamat ng baboy-ramo at ng iba pang kuwentong-bayan sa pangkalahatan kaya hindi maiiwasang magkaroon ito ng iba't ibang bersiyon. Hindi mailalayo rito ang pananaw ni Lévi-Strauss hinggil sa mito na kahit isalin, bawasan, pahabain, o muling isulat, ay hindi pa rin mawawala ang pundamental nitong anyo o estruktura. Marami nang bumatikos hinggil sa estrukturalistang lapit sa pagbasa ng mito, subalit naniniwala akong angkop itong gamitin sa pagsusuri sa alamat ng baboy-ramo upang mapalitaw ang mga kahulugang nakapaloob dito.

Una kong narinig ang alamat sa guro ko noong junior high school. Base sa aking memorya, ganito ang takbo ng kuwento:

Noong hindi pa Laguna ang tawag sa lalawigan, marami ritong gubat na dahilan kung bakit marami ring mangangaso. Isang araw, nakalaya sa isang lugar ang isang baboy-ramo na nabitag kaya tinawag ang lugar na ito na Kalayaan. Hinabol ng mga mangangaso ang baboy-ramo hanggang sa mahulog ang pangil nito. Dahil dito, tinawag ang lugar na Pangil. Patuloy itong tumakbo hanggang sa magkabitak-bitak ang daan. Ito ang pinagmulan ng Mabitac. Tumakbo muli ang baboy-ramo hanggang sa huli, nasilo na ito sa isang lugar na tinawag na Siniloan.

Ang Kalayaan, Pangil, Mabitac, at Siniloan na nabanggit sa alamat ay ang magkakalapit na bayan sa silangang bahagi ng Laguna de Bay na tinatawag na Baybay. Kasama pa rito ang mga bayan ng Paete, Pakil, Famy, at Santa Maria. Interessante sa akin ang alamat dahil ipinanganak at lumaki ako sa Mabitac. Iyon din ang unang pagkakataon na nakarinig ako ng isang alamat na tungkol sa pinagmulan ng hindi lang isa, kung hindi ng apat na bayan.

Sa Pilipinas, mahahati ang mga alamat sa sumusunod na grupo: pagkabayani at historikal; tungkol sa relihiyon; sobrenatural; *toponymic*, at sari-saring bagay (*miscellaneous*) (Eugenio, 2020). *Toponym* ang tawag sa pangalan ng lugar, kaya sa grupong ito maibibilang ang alamat ng baboy-ramo. Kung iisipin, mas mainam na tawagin ito bilang alamat ng mga bayan sa Laguna dahil hindi naman talaga ito tungkol sa pinagmulan ng hayop na iyon. Gayumpaman, mas natutukoy ng mga taga-Laguna ang alamat kung mababanggit ang baboy-ramo. Ito ang dahilan kung bakit kapag nagtatanong ako sa mga *informant*, lagi kong binabanggit ang hayop.

Sa kabilang banda, ang kuwento na binanggit ng guro ko noon ay isa lamang sa mga bersiyon ng alamat na ito. Sa iba pang bersiyon, mas marami pang bayan ang pinatutungkulan. Halimbawa nito ang alamat na noon ay nakapaskil sa pader ng lumang munisipyo ng Siniloan. May kaakibat na ilustrasyon ang kuwento na nakakuwadro upang bigyang-paliwanag ang pinagmulan ng pangalan ng bayan. Nang hinanap ko ang mga ito sa bagong munisipyo, nalaman kong hindi na naitabi ang kopya. Ang tanging natira na lang ay ang naka-upload sa [online](#)

na transkripsiyon ng alamat kasama ang malabong kopya ng ilustrasyon.



Larawan 1-3. Mga Halimbawa ng Ilustrasyon ng Alamat sa Munisipyo ng Siniloan

Narito ang buod ng kuwento:

Noong unang panahon, nagplano ang ilang kalalakihan na manghuli ng baboy-ramo para sa isang kasiyahan. Nagsimula silang maglakbay patungo sa kabundukan at sa kanilang pagdating sa isang lugar na kilala sa puno ng lumbang, natagpuan nila ang isang baboy-ramo. Subalit, hindi nila nahuli ito dahil madulas at malakas ang hayop. Ang lugar na ito ay tinawag nilang Lumbang, na kalaunan ay naging Lumban.

Nagpatuloy ang kanilang paglalakbay sa isang masikip at madawag na lugar kung saan nagpatuloy ang kanilang pagsubok na hulihin ang baboy-ramo, ngunit hindi nila ito nahuli. Ang lugar na ito ay tinawag nilang San Juan. Sa kanilang paglalakbay, napunta sila sa isang lugar na tinawag na Longos kung saan nila nahuli ang baboy-ramo ngunit nakaligtas din ito nang bumitiw sa kanilang pagkakahawak.

Pagkatapos, dumating sila sa isang patag na lugar kung saan sila nagtayo ng koral upang mahuli ang hayop. Kumuha sila ng mga kahoy at pinaghubutasan ito sa pamamagitan ng paet, ngunit hindi pa rin nila ito nahuli. Ang lugar na ito ay tinawag nilang Paete. Nang muli nilang nakita ang baboy-ramo, akmanang sisibatin na sana nila ito ngunit napagtanto nilang pudpod at mapurol na ang dulo ng kanilang mga sandata na kailangan nang kikilin. Ginamitan nila ito ng kikil, at mula noon, ang pook na iyon ay tinawag na Pakil.

Nang sinubukan muli nilang hulihin ang baboy-ramo sa isang sapa sa pamamagitan ng paghambalos, nabalian ito at napilayan sa lugar na tinawag Balian, ngunit nagawa pa ring makaalpas. Nang muli nila itong nakita at hinampas ng kahoy sa nguso, nabali ang pangil nito sa isang lugar na tinawag naman nilang Pangil. Sa wakas, sa ilalim ng ulan, nahuli nila ang baboy-ramo sa pamamagitan ng pagsilo sa isang lugar na tinawag nilang Siniloan.

Nang matagumpay nilang maigapos ang baboy-ramo, dumaan sila sa isang lugar na maraming bitak sa lupa, kaya't tinawag nila itong "mabitak," na ngayo'y kilala bilang Mabitac.

Mas mahaba at mas detalyado ang bersiyon na ito. Kung titingnan ang mga nabanggit na lugar, lahat ng ito ay mga bayan pa rin sa silangang bahagi ng Laguna de Bay, maliban sa Balian na isa sa mga barangay ng Pangil; at sa San Juan at Longos na

kasalukuyang mga barangay ng Kalayaan. Interesenteng isipin kung bakit nakasama ang tatlong barangay na ito sa alamat ng mga bayan. Subalit kung titingnan ang kasaysayan, maaaring maging lohikal ang bersiyong ito ng alamat dahil hindi pa barangay ang mga ito noon:

Talahanayan 1. Pagbabago ng Estado ng mga Lugar sa Alamat

Lugar	Dating Estado	Bagong Estado
Balian	Dating nasailalim sa Alcalde Mayor ng Laguna	Barangay sa Pangil
Longos	Bayan (dating tawag sa Kalayaan)	Barangay sa Kalayaan
San Juan	Visita ng Longos	Barangay sa Kalayaan

Noong 1582, nang nasailalim na sa isang *alcalde mayor* ang Laguna, isa sa kaniyang mga nasasakupan ang Balian, kasama ang Mayay (Majayjay), Vahi (Bay), at iba pang lugar na kasalukuyan nang mga bayan (Concepcion, 2017). Sa kaso naman ng Longos, bago ito maging barangay, ito ang dating tawag sa bayan ng Kalayaan. Samantala, ang San Juan naman ay dating *visita* ng Longos simula 1669, kasama ng San Antonio (kasalukuyang barangay din sa Kalayaan) at San Pablo (naging lungsod na ngayon). Napalitan lang ng pangalang Kalayaan ang Longos noong 1956 sa bisa ng Batas Republika Blg. 1417. Kung gayon, ang hindi ba pagbanggit sa Kalayaan ay nangangahulugang maaaring nabuo ang alamat bago ang taong 1956? At ang bersiyon ba na ibinahagi ng guro ko noon ay mas bagong bersiyon na? Ilan lamang ito sa mga tanong na matagal na ring namamalagi sa aking isip.

Hanggang sa nakausap ko si Anna Acaylar, 95 taong gulang na nakatira sa bayan ng Pangil. Sa kaniyang edad, malinaw pa sa kaniyang memorya ang alamat na naririnig niya mula noong bata pa siya. Maikli, subalit kakaiba ang kaniyang bersiyon: sa Mabitac nanggaling ang sobrang laking baboy-ramo na hinuhuli ng mga mangangaso. Nagkabitak-bitak ang daan. Tumakbo ang baboy-ramo sa Siniloan kung saan ito sinilo,

subalit nakatakas pa rin. Dumiretso ito sa Pangil at doon na tinubuan ng pangil.

Tinanong ko si Lola Anna kung talaga bang iyon lang ang mga bayan sa alamat. Hindi ba kasama ang Lumban, Paete, at Pakil? Ayon sa kaniya, hindi.

Sa kasalukuyan, isa pa sa maaaring pagkuhanan ng datos partikular sa *digital anthropology*, ang *social media*. Maaari din itong gawing instrumento upang ipalaganap ang naratibong-bayan, kagaya ng ginagawa ni Eyo Laurio, ang Tourism Officer ng Siniloan. Gumagawa siya ng mga Facebook *reels* hinggil sa mga alamat at kasaysayan ng iba't ibang bagay at bayan, kasama na ang mga bayan ng Laguna. Nang nakausap ko siya, sinabi niyang ginagawa niya ang mga iyon upang mas malaman ng mga tao ang mga impormasyong hindi gaanong binibigyang-pansin hinggil sa kanilang bayan.

Noong Abril 2024, maraming tumangkilik sa [video](#) ni Sir Eyo hinggil sa alamat ng baboy-ramo. Inabot ito nang mahigit dalawampung libong *reactions* at higit apat na libong *shares*. Tinatalakay nito ang isa na namang bersiyon ng alamat gamit ang mga ilustrasyon at *voice over* na gawa ng *artificial intelligence*. Nakuha ni Sir Eyo ang bersiyong ito sa ilalim ng Wikipedia *entry* ng Siniloan, partikular sa etimolohiya ng pangalan ng bayan. Walang talababa kung ano ang sanggunian ng impormasyong ito, basta na lamang nakalagay sa *website*. *Anonymous* ang pinanggalingan. Bahala na ang mga tao kung maniniwala sila o hindi. Ganitong-ganito ang katangian ng isang tunay na alamat.

Narito ang salin sa alamat:

Ang pangalang Siniloan ay pinaniniwalaan din na nagmula sa isang alamat na nagtatampok kina Luis at Ana, isang mag-asawang naghahabol ng isang ligaw na baboy mula sa isang lugar na tinatawag na Luisiana. Sinundan nila ang baboy mula Luisiana hanggang Cavinti (kapit sa binti). Sa daan, ang mga taong nakakita sa kanilang paghahabol ay nagkamayan at tumulong sa kanila sa paghuli ng baboy. Ang paghahabol ay dumaan sa mga bayan ng Lumban, Kalayaan, Longos, Paete, Pakil, at Pangil hanggang sa kanilang mahuli ang baboy sa bayang ito sa pamamagitan ng pagsilo

o paghuli sa pamamagitan ng laso. Kaya mula sa salitang "sinilo," sa pagtagal ng panahon ay naging Siniloan ang tawag sa bayan na ito.

Kapansin-pansin na maraming bayan din ang itinatampok sa alamat kung ikukumpara sa bersiyon ni Lola Anna. Naroon din ang pagdagdag sa mga bayan ng Luisiana at Cavinti na wala sa nabanggit na mahabang bersiyon ng alamat, at ang pagkawala ng bayan ng Mabitac.

Maraming mga naging reaksiyon sa comment section ng video, sinasabing mali ang bersiyon na ito. Ngunit pinaalalahanan din sila ni Sir Eyo na sadyang may iba't ibang bersiyon ng kuwento ang bawat indibidwal, at nakuha niya lang din ito sa Internet.

Bukod dito, may mga nagbigay rin ng iba pang bersiyon ng alamat kung saan may mga nadagdag at nabawas na lugar. Tingnan ang sumusunod na komento sa video:

Yung baboy ramo alaga po ni Maria (Sta. Maria). Nakatakas ito at hinabol sya. May dinanaana [dinaan] ang baboy na lupa. Na nagkabitak bital [nagkabitak-bitak] (Mabitac). Tumakbo ang baboy hanggang sa masilo sa isang lugar (Siniloan). Nakitaan ng pangil ang baboy (Pangil). Tpos [Tapos] binalian nila ang pangil (Balian) na kinikil naman pagadating dun sa sumunod na lugar (Pakil). Ang pangil ay pinaet sa sunod na bayan (Paete). Ang baboy naman ay pinalaya na din diumano sa sunod na bayan (Kalayaan). At tumakbo ang baboy hanggang sa nahuli ito ni Antonio (San Antonio). [Facebook user, 2024 Abril 22]

Sa bersiyong ito, naidagdag ang bayan ng Sta. Maria at Barangay San Antonio ng Kalayaan. Narito ang isa pang komento:

Ang pagkakaalam ko sa Sta. Cruz [Sta. Cruz] talaga galing yung salot na baboy ramo. Hinabol yung baboy at dumaan sa Pinagsangahang Daan (Pagsanjan).

Hinanap nila ang baboy at nakita nila ito na namamahinga sa ilalim ng puno ng Lumbang (Lumban).

Habang hinahabol nila ito, nakita ng mga taong mga nag-uukit ang baboy ramo at sumigaw ng "Paitin (Paete) ang salot." Kaya pinagbabato nila ito ng paet.

Nakarating sila sa isang bayan at hinasa ang kanilang mga itak gamit ang Kilkil (Pakil).

Sa paghabol nila sa salot naputol ang Pangil nito sa bayan na iyon.

At Nasilo nila ang baboy sa Siniloan. Habang pasan pasan nila ito ay nagpupumiglas ito hanggang sa makawala.

Pagdating sa kabilang bayan, naroon ang mga magigiting na mangangaso at doon ay pinagtataga ni Mab ang baboy ramo gamit ang kanyang Itak. Nang mamatay ang salot ay sumigaw ang mga tao roon ng "Mabuhay si Mab at ang kanyang Itak (Mabitac)!" [Facebook user, 2024, Abril 22]

Dito, naidagdag naman ang Sta. Cruz at Pagsanjan sa naratibo. Mapapansin din sa mga nabanggit na bersiyon ang pagkakaroon ng partikular na pangalan ng mga tauhan, kagaya nina Luis at Ana, Maria, Antonio, at Mab.

Ang *Mythemes* sa Alamat ng Baboy-ramo

Mahirap tukuyin kung saan at kailan ba talaga nagmula ang alamat na ito, o kung ano ang “tama” o “maling” bersiyon. Ngunit ayon kay Lévi-Strauss, hindi nilalaman ang dapat tingnan sa mga ito kung hindi ang pundamental na estruktura; ang mga *pattern* na lumilitaw sa iba’t iba nitong bersiyon.

Kagaya sa lingguwistika, sinasabi rin niyang maaaring paghiwa-hiwalayin ang isang mitolohiya sa iba’t ibang yunit o *mythemes*, isang terminong halaw sa *phoneme* o ang pinakamaliit na yunit ng tunog sa isang wika. Hanggat maaari, kinakailangang isulat ang *mythemes* na ito sa pinakamaikling mga pangungusap na may relasyon sa isa’t isa. Maaari din itong ilapat sa alamat ng baboy-ramo. Sa iba’t ibang bersiyon, lumabas ang mga yunit na may mga *pattern* na hindi madalas

nawawala sa kuwento. Unang maaaring tingnan kung ilang beses lumabas ang mga lugar sa mga bersiyon na nailahad:

Talahanayan 2. Bilang ng Pagbanggit sa mga Lugar sa Laguna sa Iba't Ibang Bersiyon ng Alamat

Mga Lugar sa Alamat	Bersiyon ng Aking Guro	Bersiyon mula sa Munisipyo ng Siniloan	Bersiyon ni Lola Anna	Bersiyon ni Sir Eyo	Facebook Comment 1	Facebook Comment 2	Kabuoang Bilang
Balian		/			/		2
Cavinti				/			1
Kalayaan	/			/	/		3
Longos		/		/			2
Luisiana				/			1
Lumban		/		/		/	3
Mabitac	/	/	/		/	/	5
Paete		/		/	/	/	4
Pagsanjan						/	1
Pakil		/		/	/	/	4
Pangil	/	/	/		/	/	5
San Antonio					/		1
San Juan		/					1
Siniloan	/	/	/	/	/	/	6
Sta. Cruz						/	1
Sta. Maria					/		1

Sa pamamagitan ng anim na bersiyon, lumabas na ang Siniloan ang pinakamadalas na nabanggit, na may kabuoang anim na beses. Kasunod nito ang Mabitac at Pangil na parehong nabanggit nang limang beses. Ang Paete at Pakil naman ay parehong nabanggit nang apat na beses. May ilang lugar din na isang beses lamang nabanggit sa kabuoan ng mga bersiyon, kabilang na ang Cavinti, Luisiana, Pagsanjan, San Antonio, San Juan, Sta. Cruz, at Sta. Maria. Sa mga bayan na pinakamaraming beses na nabanggit—ang Siniloan, Mabitac, Pangil Paete, at

Pakil—lumabas ang madalas na tema o *mythemes* hinggil sa paghuli sa baboy-ramo:

Talahanayan 3. *Mythemes Hinggil sa Baboy-Ramo sa Iba’t Ibang Bersiyon ng Alamat*

	Mythemes mula sa mga Lugar sa Alamat				
	Similoan	Mabitac	Pangil	Paete	Pakil
Bersiyon ng Aking Guro	Similo ang baboy-ramo.	Nagkabatak-bitak ang daan nang tumakbo ang hinuhuling baboy-ramo.	Nahulog ang pangil ng baboy-ramo.		
Bersiyon mula sa Munisipyo ng Similoan	Similo ang baboy-ramo.	Bitak-bitak ang dinaanan ng mga mangangaso matapos masilo ang baboy-ramo.	Nabali ang pangil ng baboy-ramo nang hinampas ito sa nguso.	Binutasan ng mga mangangaso ang mga nakuhang kahoy na panghuli gamit ang paet.	Kinikil ng mga mangangaso ang kanilang mga sandatang napudpod at napurol.
Bersiyon ni Lola Anna	Similo ang baboy-ramo.	Nagkabatak-bitak ang daan nang sinumulang hulihin ng mga mangangaso ang baboy-ramo.	Tumubo ang pangil ng baboy-ramo matapos itong masilo.		
Bersiyon ni Sir Eyo	Similo ang baboy-ramo.		Dinaanang lugar sa paghahabol sa baboy-ramo.	Dinaanang lugar sa paghahabol sa baboy-ramo.	Dinaanang lugar sa paghahabol sa baboy-ramo.
Facebook Comment 1	Similo ang baboy-ramo.	Nagkabatak-bitak ang daan nang dumaan ang hinahabol na baboy-ramo.	Nakitaan ng pangil ang baboy-ramo.	Ipaet ang pangil ng baboy-ramo.	Kinikil ang pangil ng baboy-ramo.
Facebook Comment 2	Similo ang baboy-ramo.	Tinaga ng isang nagngangalang Mab ang baboy-ramo matapos itong masilo.	Naputol ang pangil ng baboy-ramo habang hinahabol.	Pinaagbabato ng paet ang baboy-ramo.	Kinikil ang itak ng mga mangangaso.

Batay sa mga bersiyon ng alamat, ang konsepto ng pagtakas ng baboy-ramo at ang pagsubok na hulihin ito ng mga mangangaso ay isang paulit-ulit na tema.

Ang bawat pagtakas ng baboy-ramo ay nagiging dahilan upang pangalanan ang isang lugar. Mahalaga ang elementong nabanggit dahil nagpapahiwatig ito ng koneksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan sa mga pisikal na lugar batay sa kanilang mga karanasan.

Kung babalikan ang konsepto ng *place-making*, maaaring nabuo ang alamat hinggil sa mga bayan dahil sa kolektibong paglalahad ng mga mamamayan ng kanilang kaugalian at gawi sa lipunang kanilang ginagalawan. Ito ang dahilan kung bakit iba't iba man ang bersiyon nito, lumilitaw pa rin ang mga *pattern* na may kinalaman sa kanilang pang-araw-araw na gawi at gawain sa mga lugar na ito.

Sa bayan ng Siniloan sinasabing sinilo ang baboy-ramo. Madalas namang nagkakabitak-bitak ang daan nang tumakbo o dumaan ito sa Mabitac at nababali ang pangil nito sa Pangil. Ang mga bayan naman ng Paete at Pakil ay may kinalaman sa mga kagamitang panghuli na ginagamit ng mga mangangaso.

Kung gayon, ang *mythemes* ay hindi lamang nakatuon sa mga internal na pagsubok ng mga tauhan—ang hangaring mahuli ang baboy-ramo—kung hindi sa magkaugnay na puwersa ng tao at kalikasan, at paano ito humuhubog sa kanilang pagkatao at pamumuhay sa araw-araw.

Isa rin sa mga sinuri ni Lévi-Strauss sa ugnayan ng mga yunit na ito ay ang pagkakaroon ng *binary pair* na maaaring pareho o taliwas sa isa't isa. Pinagtuonan niya ng pansin ang *binary opposites* na sinasabing hindi mawawala sa isip ng lahat ng tao sa mundo. Sa kaso ng alamat, ito ang Tao vs. Baboy-ramo. Sa iba't ibang dahilan, gustong-gustong hulihin ng mga tao ang

hayop na ito. Sa tunggaliang ito, lumitaw ang sumusunod na magkasalungat na tema:

1. Tagumpay vs. Pagkabigo
2. Lakas vs. Kahinaan
3. Kaayusan vs. Kaguluhan

Isa sa mga pinakamahalagang aspekto ng alamat ay ang paggamit ng mga kagamitan ng mga mangangaso, tulad ng silo, paet, pangikil, at itak. Sa mga gamit na ito, makikita ang imahinasyon at pagpapalano ng mga mangangaso upang magtagumpay sa paghuli ng baboy-ramo. Ipinakikita ng temang Tagumpay vs. Pagkabigo ang paggamit sa mga ito bilang pamamaraan upang mapagtagumpayan ang laban sa natural na lakas at likas na katangian ng baboy-ramo. Halimbawa nito ang silo na isang uri ng bitag na ginagamit upang makahuli ng hayop, at itak na isang matalim na kasangkapan na ginagamit naman madalas para putulin ang mga hadlang sa dinaraanang kagaya ng matataas na damo. Ang mga ito ay halimbawa ng inhenyeriya ng tao upang magkaroon ng kontrol sa kalikasan. Nabanggit din ang mga kagamitang may kultural na halaga sa mga taga-Laguna kagaya ng paet na ginagamit sa pag-uka ng kahoy. Sa bayan ng Paete, ang tinaguriang Carving Capital of the Philippines, kilalang-kilala ang kagamitang ito dahil sa tradisyon ng pag-uukit. Ginamit ang mga kagamitang ito upang mapagtagumpayan ang proseso ng paghuli sa baboy-ramo, ngunit madalas pa ring nabibigo ang tao sa kabila ng kanilang matinding pagsisikap.

Sa Lakas vs. Kahinaan, makikita ang *contrast* ng lakas ng baboy-ramo at ang pagsusumikap ng mga mang-uusig. Ang baboy-ramo, bilang isang likas na nilalang, ay may sariling lakas at kapasidad upang makaligtas sa panganib. Bagaman may mga kagamitan, ang mga mang-uusig ay ay nananatiling hindi kayang talunin ang baboy-ramo sa maraming pagkakataon dahil sa mabilis na galaw at likas na kabangisan ng hayop. Ang natural na kakayahan ng baboy-ramo sa alamat ay mas malakas at hindi kayang ganap na kontrolin ng mga tao, anuman ang dami ng kanilang mga kagamitan na nagsisilbing ekstensiyon ng kanilang kakayahan.

Ipinakikita naman sa Kaayusan vs. Kaguluhan ang pagsusumikap ng mga mang-uusig na kolektibo at organisadong magtutulongan upang magtagumpay. Sa mga bersiyon ng alamat, makikita ang sama-samang panghuhuli ang mga tao na salungat sa magulo at hindi mawaring pagkilos ng isang baboy-ramo. Sa kabila ng kaayusang ipinakikita ng mga mang-uusig, ang baboy-ramo ay kumakatawan sa natural na puwersa ng kalikasan na mahirap masugpo o mapasakamay ng tao. Sa ganitong paraan, ang alamat ay nagpapakita ng tensiyon sa pagitan ng kolektibong organisasyon ng tao at ang natural na kaguluhan ng kalikasan na hindi palaging nasusunod.

Ngunit hindi lamang sa alamat na ito makikita ang *mythemes* dahil matatagpuan din ang mga iyon sa nakasulat na tala. Kung titingnan ang ibinigay sa aking dokumento ni Amie Ilano, Tourism Officer ng Mabitac, hinggil sa pinanggalingan ng pangalan ng aming bayan, muli nitong binabalikan ang pangangaso ng baboy-ramo:

Mahigit sa 300 taong nakaraan, ang bayan ng Mabitac ay isang magandang lugar na pangasuhan ng iba't ibang uri ng hayop sa gubat. "Mabitag" ang taguri sa lugar na iyon kung saan iba't ibang uri ng panghuli o bitag ang ginagamit ng mga katutubo. Sa kanilang kagalakan ay nagtutulong-tulong silang maigapos ang nahuling baboy-ramo. Nagpalitan sila ng pagbitbit sa hayop dahil sa ito'y may kabigatan. Sa kanilang paglalakad ay naparaan sila sa pook na ang landas sa lupa ay maraming bitak. Matiyaga nila itong dinaraan habang ang baboy ay pasan nila sa pamamagitan ng mahabang kawayan. At sa lugar na ito na kanilang nilalakaran ay binigyan nila ng katawagan bilang MABITAG na bayan, kung saan marami silang nabibitag.

Sa pagdating ng mga Kastila sa lugar na iyon ng mga prayle, sila rin ang nagtatag ng isang pamayanan na kanila ring pinamunuan. Pinalaganap ang Kristiyanismo sa mga mamamayan. At dahil sa kahirapan nilang bigkasin ang letrang "G," tinawag nilang "MABITAC" ang lugar sa halip na "MABITAG."

Naidagdag dito ang isa pang tema na lagi ko ring naririnig sa mga taga-Mabitac: ang pagkakaroon ng maraming bitag noon sa lugar. Samakatuwid, hindi lamang basta-basta kathang-isip ang alamat sapagkat isa rin itong hulagway ng

kolektibong karanasan ng mga taong bumuo nito na naglalarawan ng natural na katangian ng kanilang kapaligiran, partikular ang pagkakaroon ng mga baboy-ramo sa bayan at ang gawi ng pangangaso sa mga ito.

Ang Kahulugan at Kahalagahan ng Baboy-ramo sa Alamat ng mga Bayan ng Laguna

Kagaya ng nabanggit sa simula, binibigyan ng mga tao ng kahulugan ang kanilang pisikal na lugar batay sa kanilang karanasan. Kaya kung titingnan ang etimolohiya ng pangalan ng mga bayan, hindi rito mailalayo ang sistema ng pamumuhay ng mga mamamayang naninirahan sa mga bayan na ito, kasama ang kondisyong pangkasaysayan. Sa pamamagitan ng pag-aaral hinggil dito, mababalikan ng mga mamamayan kung ano at saan ang kanilang pinanggalingan.

Matagal nang tinitingnan sa antropolohiya ang ugnayan ng lugar at paglikha ng sosyo-kultural na kahulugan. Sa pagtalakay ng alamat ng pangalan ng ibang bayan sa Laguna, lumilitaw ang iba't ibang ugnayan ng tao, kapaligiran, at kalikasan sa mga bayang ito. Ngunit sa paglalahad ng mga ito, ano ang gusto nitong sabihin? Ano ang kahulugan ng baboy-ramo na matagal nang namamalagi sa aking isip?

Ayon kay Geertz, (1996), hindi noon ginagamit ang pagkilala sa lugar bilang metodolohiya at diyalektikal na instrumento. Ito ay dahil madalas tinitingnan ang lugar bilang *mundane* at madaling balewalain dahil lagi lamang itong nasa paligid. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit matagal na panahon ang lumipas bago ko sinubukang magsulat hinggil sa aking bayan. Lagi akong tumitingin sa ibang lugar na malayo sa aking pinagmulan.

Ngunit sa muli kong pagtingin dito at pagbabalik sa aking pinanggalingan, lumitaw ang mga kultural na konsepto na binuo ng mga taga-Laguna. Sa pamamagitan ng alamat ng baboy-ramo ay nailalahad ang kahulugan sa paglikha ng mga bayan.

Isa sa mga kahulugang puwedeng mabuo sa alamat ay ang pagkakaroon ng malalim na ugnayan ng magkakalapit na bayan. Ito ang dahilan kung bakit itinatampok ang maraming bayan sa iisang alamat lamang. Sa kaso ng Mabitac, Siniloan, at Pangil, ang mga bayan na pinakamaraming beses nabanggit sa iba't ibang bersiyon, noon pa man ay nagkakaroon na ng palitan ng kalakal. Makikita na ang ganitong gawain bago pa dumating ang mga dayuhan. Patunay ito ng nahukay na mga Asyanong seramika noong 1970s sa mga bayan ng Siniloan at Pangil na mula pa sa Sung period (ika-10 hanggang ika-13 siglo). Noong ika-19 siglo, patuloy pa rin ang palitan at bentahan ng mga produkto. Ginawang base ng mga Tsino at mestizo ang ilang lugar sa Laguna upang magsagawa ng lingguhang pamilihan o *tiangui*. Kasama sa mga lugar na ito ang Sta. Cruz, Majayjay, Nagcarlan, at Siniloan na nagpapakita ng relasyon ng mga bayan sa isa't isa. Pinagbibili rito ang bigas, langis, nganga, alak, at iba pang produkto (Alvero-Boncocan & Diestro, 2002).

Hindi rito mailalayo ang kuwento ni Lola Anna hinggil sa pagpunta ng mga taga-Pangil sa Siniloan upang mamili sapagkat naroon ang bagsakan ng produkto. Dagdag pa niya, karamihan sa mga nagbebenta ay mga Tsino, partikular sa Sta. Cruz na kasalukuyang kabisera ng lalawigan.

Sa salaysay naman ni Severina Era, 76 taong-gulang na nakatira sa Mabitac, konektado ang palitan ng kalakal sa alamat. Halos magkapareho ang kaniyang bersiyon sa dokumentong nanggaling sa Tourism Officer ng Mabitac. Ayon sa kaniya, maraming mababangis na hayop sa kabundukan noon ng lugar. Isang araw, may mga dumating na mga estranghero na mangangaso upang manghuli ng baboy-ramo. Dahil mabangis ang hayop, nagkabit sila ng mga bitag. Sa rami ng inilagay na bitag, ito na rin ang itinawag sa lugar. Kalaunan, ang panghuhuli ng mga baboy-ramo ang naging hanapbuhay ng mga tao. Maraming bumibili nito dahil sa masarap na lasa. Dagdag pa ni Lola Viring, ipinagpapalit din ito sa iba pang produkto ng mga kalapit na bayan katulad ng prutas.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang ugnayan ng magkakalapit na bayan. Kinamulatan ko na ang pagpunta sa Siniloan mula sa Mabitac dahil naroon ang palengke at mga establisyemento. Matagal na panahon pa bago magkaroon ng sariling pamilihang-bayan ang Mabitac, subalit maliit lamang ito at limitado ang mga itinitinda. Kinakailangan pa ring pumunta ng mga tao sa Siniloan upang doon mamili ng kanilang mga kailangan. Mula sa barangay namin, bibiyahe nang mahigit 15 minuto sakay ng *tricycle* para makapunta sa kasunod na bayan. Bukod sa pamimili, pumupunta rin ang mga tao sa Siniloan upang doon mag-aral sapagkat naroon ang isang *state university* o upang pumunta sa mga *terminal* ng *jeep* at *bus* na papunta sa Sta. Cruz at Rizal. Kaya kapag sinabi ng mga taga-Mabitac na pupunta sila sa “bayan,” madalas ay hindi ito tumutukoy sa sentro ng Mabitac kung saan nakatayo ang simbahan ng Candelaria. Ang “bayan” sa kontekstong ito ay ang Siniloan, ang kalapit-bayang naroon na halos lahat ng kanilang mga pangangailangan.

Samantala, makikita sa tala ni Fray Antonio de la Llave, isa sa mga pinakaunang Pransiskanong kronista, kung paano rin nagkakaugnay ang mga mamamayan mula sa magkakaibang bayan noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa pamamagitan ng pananampalataya. Nasaksihan niya ito mismo dahil mula 1602 hanggang 1645, nagsilbi siyang ministro sa mga *doctrina* sa Laguna kasama ang Mabitac, Siniloan, at Pangil. Sa kaso ng Mabitac, sinasabi niyang maraming pumupunta sa simbahan dahil sa pinaniniwalaang himalang naidudulot ng imahen ng Candelaria. Inilahad niya ang mga taong galing sa bayan ng Pangil, Siniloan, Lumban, at Sta. Cruz na umano’y naranasan ang milagro (Concepcion, 2017).

Mula sa pagtalakay sa posibleng dahilan kung bakit maraming bayan ang itinampok sa alamat, isa rin sa maaaring likhaing kahulugan ang eksistensiya ng mismong baboy-ramo. Bakit nga ba baboy-ramo ang nasa alamat at hindi ibang hayop?

Masasagot ito sa pamamagitan ng muling pagtingin sa heograpikal na kalagayan ng rehiyon. Sa rehiyon ng Baybay na

nag-ookupa sa maliit na bahagi ng Laguna de Bay, nakapalibot ang mayamang kagubatan ng Bundok Sierra Madre. Karamihan sa mga naninirahan dito ay nabubuhay sa pangingisda, pangangaso, pagtatanim, at paghahabi (Alvero-Boncocan & Diestro, 2002).

Kinalakhan ko rin ang ganitong kalikasan dahil mismong likuran ng bahay namin sa Laguna ay kabundukan. Kung babalikan ang salaysay ni Lola Viring hinggil sa pagkakaroon ng maraming bitag noon sa Mabita, mahihinuhang ginagawang oportunidad ng mga sinaunang mamamayan ang likas na yaman ng lugar upang manghuli ng mga hayop, kasama ang baboy-ramo. Makikita rin sa dokumentong ibinigay sa akin ng Tourism Officer ng Pangil na pinagkukuhanan ang kanilang kabundukan ng trosong ginagamit sa paggawa ng muwebles, partikular ang mga puno ng baticulin, calamsanay, bitic, narra, at kamagong. Sa mga bundok din na ito nagaganap ang pangangaso sa mga usa, ibon, at baboy-ramo. Kung gayon, bagaman hindi matutukoy kung saan ba talaga orihinal na nagmula ang baboy-ramo sa alamat, maaaring gamiting gabay ang kalagayang pangkalikasan ng mga bayan.

Sa pakikipag-usap ko kay Lola Anna, nabanggit niya na sobrang daming baboy-ramo noon sa Pangil. Itinuturing na itong peste ng mga mamamayan dahil kinakain ng mga ito ang kanilang pananim. Ibig-sabihin, may baboy-ramo sa alamat dahil marami talagang makikitang baboy-ramo sa lugar. Hindi ito malayo sa kanilang kamalayan.

Ngunit sa kasalukuyan, hindi na halos makikita ang mga ito sa kabundukan. Nagsimula ito, ayon kay Lola Anna, nang sinimulang magkaroon ng matinding pagtotroso sa kanilang bayan at pinutol ang mga punong-kahoy. Unti-unting naglaho ang mga baboy-ramo at iba pang hayop kagaya ng ibon dahil sa pagkasira ng kanilang tirahan.

Ang pagbabago ng kalikasan dulot ng gawain ng mga tao ay nagsisilbing palatandaan ng paglaho ng kasaganahan, at nagiging bahagi na ng isang masalimuot na kasaysayan ng pagsasamantala at kawalan ng pagpapahalaga. Dito lumilitaw

ang kahalagahan ng *folklore* bilang isang mahalagang repositoryo ng kamalayan hinggil sa kalagayang pangkapaligiran mula sa nakaraan. Ang mga alamat, kagaya ng kuwento ng baboy-ramo, ay nagbibigay rin ng aral at pagninilay ukol sa iba't ibang relasyon ng tao at kalikasan—relasyong mapagkalinga, may tunggalingan, at kumikilala sa pangangailangan ng tao sa likas na yaman para sa maginwahang buhay.

Ang *mythemes* ng alamat ay lumalabas hindi lamang sa mitolohikal na antas kung hindi pati na rin sa mga kongkretong halimbawa ng kapabayaang sa kalikasan, kung saan nagiging saksi rin ang ang mismong komunidad sa unti-unting pagkawala ng mga hayop at pagkasira ng kalikasan nang dahil din sa kagagawan ng kanilang kapuwa.

Kung babalikan ang mga *folklore* hinggil sa baboy-ramo sa buong bansa, nabanggit ang ugnayan hayop na ito sa mundong espirituwal, at madalas ay isang simbolo ng mga sakripisyo at aral mula sa kalikasan. Subalit, sa maraming bersiyon ng alamat hinggil sa baboy-ramo sa Laguna na sinuri sa papel na ito, nawala ang ganoong aspekto. Ang alamat sa pagkakataong ito ay nakatuon sa pakikidigma ng tao at kalikasan, kung saan ang pagkatalo ng baboy-ramo ay itinuturing na tagumpay ng tao.

Kung tunay na pagpapahayag ng diwa ng bansa ang mga kuwentong-bayan kagaya ng sinabi ni Eugenio (1987), sinasalamang ng kawalan ng elemento ng espirituwalidad ang pagbabago sa pananaw ng tao hinggil sa kaniyang ugnayan sa kalikasan na maaaring nagbubunga ng pananamantala. Kung gayon, ang alamat ay maaari ding gawing gabay sa kasalukuyan upang makita ang mga epekto ng mga gawain ng tao sa kalikasan at sa iba pang nilalang.

Kongklusyon

Mula sa iba't ibang anyo ng alamat mula sa salimbibig hanggang sa *digital* na representasyon ay lumabas ang mga kahulugan hinggil sa paglikha ng mga bayan at ang koneksiyon nito sa sosyo-kultural na kasaysayan. Sa kabila ng iba't ibang bersiyon ng alamat, ang pangunahing tema na lumilitaw ay ang

pagkakaroon ng isang malapit na ugnayan ng magkakalapit na bayan sa Laguna. Ang alamat ay hindi lamang naglalahad ng isang hayop na hinuhuli ng mga mangangaso, sapagkat isa rin itong representasyon ng pagbubuo sa mga lugar bilang isang daynamiko at buhay na panlipunang proseso, na nagpapakita ng pakikipag-ugnayan, pagbuo ng identidad, at pagbabago sa kapaligiran.

Sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng alamat at mga lokal na kasaysayan, mas mauunawaan ang mga pagbabagong naganap sa rehiyon at ang epekto nito sa kasalukuyang kalagayan. Ang alamat ng baboy-ramo ay nagsisilbing alaala ng nakaraan, at isa ring paalala sa kahalagahan ng patuloy na paglikha ng kahulugan mula sa mga ito.

Panimulang pagsulyap lamang ang papel na ito sa paghahanap ng kahulugan sa alamat ng baboy-ramo. Marami pang puwedeng tingnan, paglimian, at suriin. Maaaring tanungin kung nasaan ang iba pang bayan ng Laguna sa alamat? Sadya bang nabuo lamang ang alamat na ito sa rehiyon ng Baybay? Ano pa ang ibang naratibong-bayan na kakikitaan din ng *mythemes* na maglalantad sa kasaysayan at kultura ng mga taga-Laguna? Marami pang mga tanong. Ngunit sa ngayon, ito ang naging bunga ng baboy-ramo sa aking isip. Patuloy pa rin itong tumatakbo, patuloy na lumilikha. Kaya patuloy rin ang aking paghuli upang lubusan itong maunawaan.

Sanggunian

- Almario, V.S. (2013). *Sagisag kultura ng Filipinas*. Filipinas Institute of Translation, Inc.
- Alvero-Boncocan, R., & Diestro, D. D. A. (2002). *Nineteenth century conditions and the revolution in the province of Laguna*. University of the Philippines – Center for Integrative and Development Studies.
- Avenido, P. M. (2024). Philippine warty pig *Sus philippensis* Nehring, 1886: Level of awareness and conservation practices in Datal Bad, West Lamidan, Don Marcelino, Davao Occidental, Philippines. *Journal of Threatened Taxa*, 16(6), 25305–25317.
<https://doi.org/10.11609/jott.8703.16.6.25305-25317>
- Braun, V. & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3, 77-101.
- Brumm, A., Oktaviana, A. A., Burhan, B., Hakim, B., Lebe, R., Zhao, J., Sulistyarto, P. H., Ririmasse, M., Adhityatama, S., Sumantri, I., & Aubert, M. (2021). Oldest cave art found in Sulawesi. *Science Advances*, 7(3).
<https://doi.org/10.1126/sciadv.abd4648>
- Brunvand, J. H. (1990). Some news from the miscellaneous legend files. *Western Folklore*, 49, 111-120.
- Cabanas, A. J. C., de Guia, A. P. O., Vega, R. S. A., & Dimalibot, J. C. (2022). Occurrence and distribution of Philippine warty pig (*Sus philippensis* Nehring, 1886) in Mt. Banahaw de Tayabas, Luzon Island, Philippines. *Philippine Journal of Science*, 151(5), 1605–1621.
- Concepcion, G. L. Y. (2017). *Conflict, negotiation, and collaboration in colonial spaces: The pueblos of Laguna in the early Spanish period, 1571-1700* [Unpublished doctoral dissertation]. University of the Philippines Diliman.
- de los Reyes, I. (1889). *El folk-lore Filipino* (eBook). Project Gutenberg. <https://www.gutenberg.org/ebooks/57550>
- Eugenio, D. L. (1985). Philippine folktales: An introduction. *Asian Folklore Studies*, 5(44), 155-177.

- Eugenio, D. L. (1987). Folklore in Philippine schools. *Philippine Studies*, 35(2), 175–190.
<http://www.jstor.org/stable/42633002>
- Eugenio, D. L. (2020). Folk narrative. *CCP Encyclopedia of Philippine Art*.
<https://epa.culturalcenter.gov.ph/9/73/1551>
- Facebook user. (2024, April 22). Ang pangalang Siniloan ay pinaniniwalaan din na nagmula sa isang alamat... [Comment on the post]. *Facebook*.
<https://www.facebook.com/reel/1113361953279500>
- Facebook user. (2024, April). Ang pagkakaalam ko sa Sta. Ctuz talaga galing yung salot na baboy ramo... [Comment on the post]. *Facebook*.
<https://www.facebook.com/reel/1113361953279500>
- Geertz, C. (1996). Afterword. In S. Feld & K. Basso (Eds.), *Senses of place. Essays in radical empiricism*. University of Nebraska Press.
- Griffin, P. B. (1998). Ethnographic view of the pig in selected traditional Southeast Asian societies. In S. N. Nelson (Ed.), *Ancestors for the pigs: Pigs in prehistory* (pp. 27-37). Museum Applied Science Center for Archaeology.
- Groves, C. (1997). Taxonomy of wild pigs (*Sus*) of the Philippines. *Zoological Journal of the Linnean Society*, 120(2), 163–191. <https://doi.org/10.1006/zjls.1996.0078>
- Haines, J., Du, J. T., Geursen, G., Gao, J., & Trevorrow, E. (2017). Understanding elders' knowledge creation to strengthen indigenous ethical knowledge sharing. *Information Research*, 22(4).
- Historical Data Papers. Laguna (Bay and Pangil).
- Klages, M. (2013, January 29). Claude Lévi-Strauss: "The Structural Study of Myth" and other structuralist ideas. University of Colorado.
<https://spot.colorado.edu/~klages/2010/LéviStrauss.docx>
- Laugrand, F., Laugrand, A., Tamang, J., & Magapin, G. (2020). Exchanges with the dead: Exhuming human remains

- among the Ibaloy of Upper Loacan (Philippines). *Bijdragen tot de taal-, land- en volkenkunde / Journal of the Humanities and Social Sciences of Southeast Asia*, 176(4), 475-503. <https://doi.org/10.1163/22134379-bja10017>
- Lapeña, Q. G., & Acabado, S. B. (2017). Resistance through rituals: The role of Philippine “native pig” (*Sus scrofa*) in Ifugao feasting and socio-political organization. *Journal of Archaeological Science: Reports*, 13, 583–594. <https://doi.org/10.1016/j.jasrep.2017.05.009>
- Leijulia. (2014, December 18). *Myths Siniloan*. Scribd. <https://www.scribd.com/doc/250449304/Myths-Siniloan>
- Lévi-Strauss, C. (1978). *Myth and meaning*. University of Toronto Press. <http://www.jstor.org/stable/10.3138/j.ctt1gxrx10>
- Municipality of Mabitac. (n.d.). *History* [Unpublished manuscript]. Mabitac Municipal Government.
- Municipality of Mauban. (2007, September 29). *History*. Republic of the Philippines. <https://web.archive.org/web/20070929162310/http://elgu2.ncc.gov.ph/mauban/index.php?id1=3&id2=1&id3=0>
- Municipality of Pangil. (n.d.). *Ecological profile of the municipality of Pangil, Laguna* [Unpublished manuscript]. Pangil Municipal Government.
- Municipality of Pakil. (2009, November 26). *History of Pakil*. Republic of the Philippines. https://web.archive.org/web/20091126143212/http://www.laguna.gov.ph/Articles/05_20_Pakil.htm
- Nelson, S. M. (1998). Introduction. In S. N. Nelson (Ed.), *Ancestors for the pigs: Pigs in prehistory* (pp. 1-4). Museum Applied Science Center for Archaeology.
- Ratcliff, L. K. (1949). Filipino folklore. *The Journal of American Folklore*, 62(245), 259–289. <https://doi.org/10.2307/537202>

- Rodriguez-Tatel, M. J. (2020). Ang “kapwa” sa pakikipagkuwentuhan: Danas at repleksiyon sa metodolohiya ng katutubong pananaliksik sa ilang piling komunidad ng mga “katutubo” sa Mindanao. *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura*, 5, 151–201.
- Rosales, C. A. (2021). Pigs and ritual-hunting among the highland Tau-Buhid in Mounts Iglit-Baco Natural Park, Philippines. *Anthropozoologica*, 56(9), 137-151.
- Smith, W. (2020). Beyond loving nature: Affective conservation and human-pig violence in the Philippines. *Ethnos*, 87(5), 874–892.
<https://doi.org/10.1080/00141844.2020.1828970>
- Wieczorek, M. (2019). Introduction: Anthropological debates on place-making. *Urban Anthropology and Studies of Cultural Systems and World Economic Development*, 48(1/2), 1–12. <http://www.jstor.org/stable/45173358>

Si **DANILO ELLAMIL JR. (DJ ELLAMIL)** ay ipinanganak at lumaki sa Mabitac, Laguna. Nagtapos siya bilang summa cum laude sa programang AB Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), kung saan iginawad din sa kaniya ang Outstanding Thesis Award. Sa kasalukuyan, kumukuha siya ng Masterado sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, na may espesyalisasyon sa Malikhaing Pagsulat at Antropolohiya. Nagtatrabaho siya nang full-time bilang mananaliksik sa Pambansang Museo ng Pilipinas at nagtuturo rin bilang part-time sa PUP.

Bilang mananaliksik, kinapapalooban ng kaniyang mga interes ang ekokritisismo, queer studies, indigenous studies, at folklore. Bilang malikhaing manunulat, tinatalakay niya ang mga tema ng kalikasan at queerness, at sumusubok ng mga bagong anyo sa pamamagitan ng pagbubura ng hangganan ng mga genre. Naging fellow na siya sa iba't ibang writing workshop tulad ng KRITIKA La Salle National Workshop on Art and Cultural Criticism, Amelia Lapeña Bonifacio Writers Workshop, at IYAS La Salle National Writers' Workshop.

Ilan sa kaniyang mga akda ay nailathala sa *Dalumat Journal* (NLPH), *Plus/+*, *Iba Plus*, *Maramihan: New Philippine Fiction on Sexual Orientations and Gender Identities* (ADMU Press), *Lamyos: New LGBTQ Fiction from the Philippines* (UP Press), *Dx Machina* (Likhaan), *Agos* (SWF), at iba pang mga antolohiya at publikasyon sa Pilipinas. May paparating din siyang koleksiyon ng mga maikling kuwento at nobelang young adult.